

Iba pang oportunidad sa industriya ng IT-BPO liban sa call center, isinusulong ng DOST

Ni Allan Mauro V. Marfal
S&T Media Service, STII

Matagumpay na naisagawa ang serye ng Information and Communications Technology (ICT) Roadshow ng Department of Science and Technology-ICT Office (DOST-ICTO) sa iba't ibang lungsod sa mga probinsya ng bansa. Nag-umpisa ito sa Lungsod ng Legazpi, Albay noong Agosto 23 at nagtapos sa Lungsod ng Davao noong Nobyembre 10.

Bahagi ng roadshow ang mga talakayan at job fair na may kinalaman sa iba't ibang serbisyo ng industriya ng Information Technology-Business Process Outsourcing (IT-BPO). Layunin nito na mahikayat ang mga mag-aaral at mga naghahanap ng trabaho sa mga probinsya na i-konsidera ang nasabing industriya bilang pangmatagalang hanap-buhay, ayon kay DOST-ICTO Deputy Executive Director Alejandro P. Melchor III.

Ang industriya ng IT-BPO ang naglagay sa Pilipinas bilang "call center capital" ng

sundan sa pahina 2

Nilalaman

Bagong ICT statistics portal ng bansa, inilunsad ng DOST

p. 3

Bagong gamit sa lumang gulong

p. 4

LarawaNews

p. 4



Sina DOST Secretary Mario Montejo (kanan) at Petron Corp. Chairman Ramong Ang. (Kuha ni Gerardo Palad, S&T Media Service, STII)

DOST, Petron- magkatulong para sa kaligtasan ng mga motorista

Ni Allan Ace Aclan
S&T Media Service, STII

Nagkasundo ang Department of Science and Technology (DOST) at Petron Corporation na magtulungan upang mas epektibong maihatid ang mga impormasyon at paalala hinggil sa mga banta ng malakas na pag-ulan at pagbaha sa mga motorista, commuter at komunidad na madalas tamaan ng mga sakuna.

Formal na nilagdaan nina DOST Secretary Mario G. Montejo, Petron Chairman and Chief Executive Officer Ramon Ang, at Petron President Eric Recto ang Memorandum of Understanding kamakailan sa San Miguel Corporation Executive Lounge.

Layunin ng kasunduan na mapabilis ang daloy ng komunikasyon at detalyadong impormasyon mula sa Nationwide Operational Assessment of Hazards o NOAH, isang pambansang programa ng DOST na naglalayong

sundan sa pahina 2

DOST at Petron...
Mula sa pahina 1

tulungan ang mga komunidad na maging 'disaster resilient' o laging handa at mabilis manumbalik mula sa hagupit ng mga natural na kalamidad.

"DOST and Petron have joined hands in helping the public, specifically the country's motorists and commuters, get valuable information from the Department's monitoring system installed in many key points in the country," ayon kay Secretary Montejo

Ang pagtutulungan ng dalawang grupo ay isang patunay na ang mga pampubliko at mga pribadong institusyon ay maaaring magsama at magbahagi ng kani-kanilang resources para maging mas handa ang mga mamamayan sa anumang kalamidad, ayon pa sa Kalihim.

Ayon sa kasunduan, ang Petron ang magtutukoy sa mga partikular na mga lugar gaya ng mga refinery, terminal, depot, at istasyon ng serbisyo kung saan maaaring i-install at patakbuhan ng DOST ang mga automated weather system o mga pasilidad na awtomatikong nag-momonitor at nagpapadala ng weather data sa www.noah.dost.gov.ph, ang web portal ng Program NOAH.

Tutulong din ang Petron sa pamamahagi ng mga flyer ng Program NOAH sa mga motorista.

Iba pang oportunidad...
Mula sa pahina 1



Formal na nilagdaan ni DOST Secretary Mario Montejo (gitna) at Petron Corporation Chairman Ramon Ang (kalaiwa) ang Memorandum of Understanding na naglalayong maibahagi sa mga motorista at mananakay ang mga impormasyon tungkol sa lagay ng panahon mula sa Program NOAH website. Kasama rin sa nasabing okasyon si Petron Corporation President Eric Recto. (Kuha ni Gerardo Palad, S&T Media Service, STII)

Magsisilbi ding mga information center ng Program NOAH ang iba't ibang service station ng Petron partikular ang mga istasyon sa mga lugar na 'disaster-prone' o yung madalas

tamaan ng kalamidad, at mga istasyon na bagsakan ng relief goods ng proyektong "Sagip Alalay" ng Petron Foundation tuwing may kalamidad.



Tampok sa ICT Roadshow ang mga talakayan at job fair na may kinalaman sa iba't ibang serbisyo ng Information Technology-Business Process Outsourcing. Isa sa mga layunin ng aktibidad ay mahikayat ang mga mag-aaral na pasukin ang mga karera sa nasabing industriya balang araw. (Larawan mula sa Cyber Services Group, DOST-ICTO)

mundo. Ngunit maliban sa call center, may apat na serbisyo pa ang IT-BPO na malaki ang oportunidad na pangunahan din ng bansa, dagdag pa ni Dir. Melchor.

Ang mga ito ay ang outsourcing ng mga serbisyong healthcare information

management, finance and accounting, human resources, at animation and game development.

Sa nakalipas na taon, tumaas ang bilang ng mga mag-aaral na nagsipagtapos ng mga kursong nursing, information technology,

at multi-media arts. Makakatulong ang isinagawang mga ICT road show upang mabigyan sila ng hanap-buhay, gaya ng 200,000 na nagsipagtapos ng nursing kamakailan na nahihirapang maghanap ng trabaho, ayon pa kay Dir. Melchor.

Marami ng mga oportunidad para sa mga nagsipagtapos ng nursing at iba pang kursong may kinalaman sa medisina sa IT-BPO katulad ng pagiging medical transcriptionist, medical secretary, medical coder at biller, medical assistant, medical representative, medical butler, at clinical research associate.

Inaasahang lalo pang lalawak ang serbisyo ng IT-BPO na may kinalaman sa medisina dahil sa batas na inaprubahan ni Pangulong Barack Obama ng Estados Unidos kamakailan, kung saan kinakailangang lahat ng mga mamamayan nito ay mayroong healthcare insurance pagsapit ng 2014.

Samantala, layunin din ng sunod-sunod na roadshow na matulungan ang pamahalaang lokal ng mga lungsod sa iba't ibang probinsya ng bansa na mahikayat ang mga investor at kumpanya ng IT-BPO na mamuhunan sa kanilang lugar; at matulungan din ang mga mamuhunan na makapaghanap ng angkop na pagtayaran ng mga IT-BPO hub.

Bagong ICT statistics portal ng bansa, inilunsad ng DOST

Ni Allan Mauro V. Marfal
S&T Media Service, STII

Isang portal kung saan pagsasama-samahin ang lahat ng mga estadistika sa Information and Communications Technology (ICT) mula sa iba't ibang ahensya ng pamahalaan at mga pribadong kumpanya sa bansa ang magkatuwang na inilunsad ng Department of Science and Technology-ICT Office (DOST-ICTO) at International Telecommunications Union sa Diliman, Quezon City noong Setyembre 28.

Ang website na tinatawag na PHICTS o Philippine ICT Statistics ay may kakayahang gawing simple ang mga masalimuot na estadistika sa tulong ng mga graph, literature, mapa at iba pang paraan na mas mauunawaan ng publiko.

"In addition to numbers, graphs and matrices; the portal will be a platform to publish quick references that will describe the country's ICT situation as well as analytical reports that will prove use," ayon kay DOST-ICTO Executive Director Louis Napoleon Casambre.

Kabilang sa mga ahensyang nagbahagi na ng kanilang statistical data sa PHICTS portal ay ang National Mapping and Resource Information Authority, National Statistics Coordinating Board, National Telecommunications Commission, National

Aristotle P. Carandang
Editor-In-Chief

Mheda G. Garcia
Copy Editor

Joy M. Lazcano
Layout/Graphics

Mario B. Buarao
Design

Ang Balitang RapiDOST ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag-email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148.

www.stii.dost.gov.ph

The screenshot shows the PHICTS portal interface. At the top, there's a header with the Department of Science and Technology Information and Communications Technology Office logo and the PHICTS logo. Below the header, there's a navigation menu with options like HOME, ICT STATISTICS, CORE ICT INDICATORS, ICT TRENDS, ARCGIS MAPS, FAQs, ABOUT PHICTS, and CONTACT US. The main content area features a section titled 'WHAT IS PHICTS?' followed by a description of the portal. Below that, there's a 'TRENDS' section with a bar chart showing 'Fixed Telephone Subscriptions Philippines, 2008-2011'. The chart shows a steady increase in subscriptions from 2008 to 2011. To the right of the chart, there's a 'TIDBITS' section with short news items about mobile cellular, mobile broadband, and fixed broadband subscriptions. At the bottom of the page, there's a copyright notice for 2012.

Ang PHICTS portal ay naglalaman ng iba't ibang datos na may kinalaman sa Information and Communications Technology sa bansa. Ito ay maaring maaccess sa www.phicts.icto.dost.gov.ph. (Larawan mula sa website ng DOST-ICTO)

Statistics Office, at University of the Philippines.

"Maraming ahensya at kumpanya na ang may ganitong uri ng sistema subalit sa PHICTS portal bukod sa mapag-iisa na ang statistical data ay masisiguro rin ng publiko na ang mga datos na makikita nila ay tama," ayon kay Engineer Ma. Andrea Hernandez, isa sa bumuo ng portal, sa panayam sa Bago Yan Ah! ng DZMM teleradyo.

Ilan sa mga impormasyon na nasa PHICTS portal ay ang bilang ng mga nagsipagtapos, kalidad ng mga pasilidad, antas ng seguridad

Lumang gulong...

Mula sa pahina 4

Ang mga produktong rubber tiles at paving blocks na nilikha ng ITDI mula sa mga lumang gulong ay pumasa sa mga standard specification para sa tensile strength, abrasive resistance, tear resistance at compression set.

Dagdag pa rito, ang suggested retail price para sa mga nasabing produkto ay hindi nalalayo sa mga kaparehong produkto sa merkado. Ang recycled rubber tiles ng ITDI na may sukat na 149 milimetro (mm) x 225 mm x 24.4 mm ay maaring ibenta sa halagang 120 pesos kada piraso, samantalang ang mga mabibiling rubber tiles

ng mga lugar, at mga uri at lokasyon ng mga negosyo sa bansa. Inaasahang mapakikinabangan ang mga naturang impormasyon ng publiko gayundin ng mga opisyal at kawani ng pamahalaan, mga negosyante, at mga mananaliksik.

Ayon kay Philip A. Varilla, project leader ng proyekto, may mga nakalinya ng Memorandum of Understanding sa iba't ibang sektor sa bansa para mapalawak pa ang mga kasalukuyang nakalagak na estadistika, at mapaunlad ang serbisyonang maibibigay ng nasabing portal.

na malaki lang nang kaunti ang sukat (180 mm x 250 mm x 30 mm) ay nagkakahalaga ng 180 pesos ang isang piraso.

Mas kaunting enerhiya rin ang nakukunsumo sa paggawa ng produkto ng mula sa mga patapong goma kumpara sa paggawa ng produkto na gumagamit ng virgin materials o mga materyales na hindi pa nagagamit kung kaya't malaking tulong ito sa kalikasan.

Pinondohan ng Philippine Council for Industry, Energy, and Emerging Technology Research and Development ng DOST ang nasabing pananaliksik.

Bagong gamit sa lumang gulong

Ni Luisa S. Lumioan
S&T Media Service, STII

Mula sa mga lumang gulong na karaniwang nakatambak lamang at pinamumugaran ng lamok na nagdadala ng dengue, nakagawa ng mga flooring material ang mga mananaliksik ng Department of Science and Technology-Industrial Technology and Development Institute (DOST-ITDI).

“Turning old rubber tires into tiles, blocks or pavers that are suitable for use in playgrounds, kitchens and swimming pool surfaces is an excellent way to dispose of unwanted rubber and minimize solid wastes,” ayon kay Dr. Marissa Paglicawan, ang lider ng grupong nagsagawa ng pag-aaral.

Ayon kay Dr. Paglicawan, kailangan munang gilingin ang mga lumang gulong sa pamamagitan ng makina upang maging rubber powder. Ang mga nagiling na goma ay maaari nang i-recycle sa dalawang paraan.

Sa unang paraan, ang rubber powder ay



hahaluan ng rubber latex na nagsisilbing binder at iba pang sangkap bago ito ihulma upang gawing tiles, blocks, o pavers.

Sa ikalawang paraan naman, ang rubber powder ay kailangan munang sumailalim sa activation o pagpapadaan sa two-roll mill na may partikular na temperatura at iba

pang kondisyon. Ang resulta na tinatawag na *activated rubber powder* ay hahaluan ng rubber latex at iba pang sangkap bago ihulma. Ayon kay Dr. Paglicawan, mas maganda ang kalidad ng mga rubber flooring material na gawa mula sa ganitong proseso.

sundan sa pahina 3

LarawaNews



Pinangunahan ni Department of Science and Technology (DOST) Secretary Mario Montejo ang paglulunsad ng kauna-unahang paglipad ng dalawang Cessna 206 plane na naglululan ng Light Detection and Ranging o LIDAR equipment, ang mga instrumentong kakalap ng mga datos hinggil sa kabuuang topograpiya ng bansa. Gagamitin ang mga datos sa pagbuo ng 3D hazard map para sa Disaster Risk and Exposure Assessment for Mitigation, isa sa walong proyekto sa ilalim ng Program NOAH ng DOST. Kasama rin sa larawan sina University of the Philippines (UP) President Alfredo Pascual (kanan sa likod) at UP Diliman Chancellor Ceasar Saloma (kaliwa sa likod). (Kuha ni Joy M. Lazcano, S&T Media Service, STII)